Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Nang Ginawa Ng Panginoong Diyos Ang Lahat





Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus
Ibinagay nila: Bob Davies at Tammy S.
Isinalin ni: Dulia Penalber
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Sino ang lumikha sa atin? Ang Biblia, ang Salita ng Diyos, ay nagsasabi kung paano Niya nilikha ang tauhan sa mundo. Noong unang panahon, ginawa ng Diyos ang pinakaunang tao at siya'y pinangalanang Adan.



Nilikha si Adan mula sa alabok. Nang hiningan sa ilong, siya ay nagkabuhay. Nakita niya ang sarili sa gitnan ng magandang hardin ng Eden.



Ngunit bago nilikha ng Diyos si Adan, nilikha muna Niya ang napakagandang mundo na puno ng kamangha-manghang mga bagay.



Ginawa ng Diyos ang mga burol at patag, mga
mababangong bulaklak at matataas na puno,
makukulay na ibon at mauugong na bubuyog,
malalaking balyena at madudulas ng suso.
Sa katunayan, nilikha ng Diyos ang lahat.
Ang lahat.



Nang pasimula, bago nilikha ang lahat, wala ang mundo at anuman, maliban sa Diyos. Walang tao, walang lugar, walang bagay. Wala lahat. Walang ilaw, walang dilim, walang taas, walang baba. Walang kahapon at walang bukas. Ang Diyos lamang ang naroon, na Siyang walang hangganan. Kaya't ang Diyos ay kumilos.



Nang pasimula ay nilikha
ng Diyos ang langit
at ang lupa.

At ang mundo ay walang
hugis at walang laman.
At ang kadiliman
ay bumabalot
sa kalaliman.
Nagsalita
ang Diyos,



Nagkaroon nga ng liwanag. Tinawag ng Diyos ang liwanag na araw, at ang dilim ay gabi. Ang gabi at ang umaga ang unang araw.



Sa ikalawang araw, dinala ng Diyos ang tubig sa karagatan at kalawaan upang magkaroon ng kaayusan sa ilalim ng kalangitan. Nang ikatlong araw, sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng tuyong lupain." At iyon ay nangyari.



Nag-utos din ang Diyos na magkaroon ng damo, bulaklak, halaman at mga puno. At iyon ay nangyari. At ang gabi at ang umaga ay ang ikatlong araw.



Nilikha din ng Diyos ang araw, ang buwan, at ang napakaraming mga bituin na walang sino mang makabibilang. At ang gabi at ang umaga ang ikaapat na araw.

Nang ikalimang araw, nilikha ng Diyos ang iba't ibang uri ng isda at iba pang mga nabubuhay sa dagat upang punuin ang mga tubigan. Nilikha din Niya ang iba't ibang uri ng ibon upang manirahan saan mang dako ng mundo. At ang gabi at ang umaga ang ikalimang araw.



Pagkatapos, nagsalita muli ang Diyos. “Ngayon, magkaroon ng iba't ibang uri ng hayop...” Nagkaroon ng lahat ng uri ng hayop at insekto. Nagkaroon ng malalaking elepante, makukulit na unggoy, malilikot na buwaya, makikislot na bulati, at maaamong pusa. At ang gabi at ang umaga ang ikaanim araw.



Isa pang bagay ang linikha ng Diyos sa ikaanim na araw - isang tanging bagay. Ang lahat ay handa na para sa lilikhaing tao. May mga kakainin sa bukid, mga hayop upang magsilbi sa kanya. At sinabi ng Diyos, "Likhain natin ang tao ayon sa Ating larawan. Siya ang mamahala sa lahat ng linikha sa mundo."



Sa GANON NILIKHA NG DIYOS ANG TAO AYON SA KANYANG LARAWAN. SA KANYANG WANGIS, ANG TAO AY NILIKHA.



Kinausap ng
Diyos si Adan.
"Kumain ka ng
iyong nagustuhang
kainin na galing
sa hardin. Ngunit
huwag mong kainin
ang bunga ng puno
na nagbibigay ng
kakayahang malaman
ang tama at mali. Kapag
ito ay iyong kinain, ikaw
ay mamamatay."



At sinabi ng Diyos, "Hindi mabuti na ang lalake ay nagiisa. Gagawa ako ng kanyang kaatulong." Dinala ng Diyos ang lahat ng mga ibon at mga hayop kay Adan. Binigyan ni Adan ng pangalan ang bawa't isa. Talagang matalino siya ng ginawa niya ito. Ngunit sa lahat ng mga ibon at mga hayop, walang isa na kabagay ni Adan upang makasama.



Pinatulog ng Diyos si Adan ng mahimbing. Habang siya ay tulog, kinuha ang kanyang isang tadyang at ito'y ginawang babae. Ang babae na ginawa ng Diyos ay angkop na maging kasama ni Adan.

Ginawa ng Diyos ang lahat sa loob ng anim na araw. At binasbasan ng Diyos ang ikapitong araw at ginawa itong araw ng pahinga.



Nang Ginawa Ng Panginoong Diyos Ang Lahat

isang kwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Genesis 1-2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16